“Mapapalad ang mga inuusig dahil sa katuwiran." (Mateo 5:10)

* * *

Kung hindi ninyo dinaranas ang pag-uusig, malamang na hindi alam ng mga tao na kayo nga ay Cristiano.

May isang lalaki na natatakot dahil nagsisimula pa lamang siya sa kanyang bagong trabaho kasama ng mga di-mananampalataya na inaakala niyang pahihirapan siya kapag nalaman nilang siya'y isang Cristiano. Pagkatapos ng unang araw ng kanyang trabaho tinanong siya ng kanyang asawa kung ano ang naging pakikitungo nila sa kanya. "Maayos naman ang aming samahan," sabi niya, "Hindi nila nalaman na ako ay isang Cristiano!"

Katahimikan ang isang paraan upang maiwasan ang pag-uusig. Ang ibang paraan naman ay sang-ayunan ang pamantayan ng sanlibutan, tawanan ang mga pagbibiro nila, magsaya sa paglilibang nila, at ngumiti kapag kinukutya nila ang Diyos. Kapag hindi mo kailanman hinarap ang kasalanan o sabihan ang mga tao na si Jesus ang siya lamang daan patungo sa langit, o kapag ang iyong asal ay tulad na sa sanlibutan na walang makitang pagkakaiba sa iyo mula sa mga di-mananampalataya, malamang ay tatanggapin ka na nila at hindi mo maramdaman ang init ng pag-uusig.

Ngunit mag-ingat kayo, sapagkat sinabi ni Jesus, *"Kahabag-habag kayo kapag ang lahat ng mga tao ay nagsasabi ng mabuti tungkol sa inyo… Sapagkat ang sinumang ikahiya Ako at ang aking mga salita ay ikahihiya siya ng Anak ng Tao, pagdating Niya na nasa Kanyang kaluwalhatian"* (Lukas 6:26; 9:26). Ang kalhuli-hulihang bagay na nanaisin ng sinuman ay ang masumpa siya ni Cristo o kaya'y ikahiya sila. Isa yang napakalaking halaga ng pagbabayad para lamang sa katanyagan!

Kapag nanindigan ka para kay Cristo at magpakita ng asal ng mga pinagpala, kayo ay diretsahang kasalungat ni Satanas at ng masamang sistema ng sanlibutan. At tiyak na kayo ay daranas ng pag-uusig. Ito ay totoo na mula pa sa simula ng kasaysayan ng tao, nang patayin ni Cain si Abel na kanyang kapatid dahil hindi niya matiis ang matuwid na buhay nito.

Huwag ninyong katakutan kailanman ang pag-uusig. Pagkakalooban kayo ng Diyos ng biyaya at hindi Niya kayo hahayaang masubok ng hihigit sa inyong makakaya (1 Cor. 10:13). Ni huwag kailanman ninyong ikumpromiso ang katotohanang biblikal para lamang maiwasan ang pag-uusig. Sa Filipos 1:29 sinabi ni Pablo na ang pag-uusig ay kasing-tulad na kaloob ng kaligtasan. Magkapareho itong nagpapakilala sa inyo bilang isang tunay na mananampalataya!

* * *

Mga Suhestiyon para Ipanalangin: Isaulo ang 1 Pedro 2:20-21. Hilingin sa Diyos na patuloy kayong pagkalooban ng biyaya na sundan ang halimbawa ni Cristo sa tuwing daraan kayo sa mga paghihirap.

Para sa Dagdag na Pag-aaral: Basahin ang 1 Corinto 11:23-33, na tinatandaan ang matinding pag-uusig na tiniis ni Pablo para kay Cristo.